



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Enero 12, 2021

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Erin DeMerritt - 415.517.4147

Programang *Charge!* ng Air District, nag-aalok ng \$6 milyon para sa mga istasyon sa pag-charge ng mga sasakyang de-kuryente

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang pagkakaroon ng \$6 milyon sa pamamagitan ng programang *Charge!*, na nagbibigay ng pondo para sa grant para ma-offset ang gastusin sa pagbili at paglalagay ng mga bagong pampublikong charger para sa mga light-duty na sasakyang de-kuryente.

Sa pamamagitan ng programa, na bukas na ngayon para sa mga aplikasyon, madaragdagan ang bilang ng mga istasyon sa pag-charge ng mga sasakyang de-kuryente sa mga lugar ng trabaho, destinasyon, lokasyon ng paradahan ng mga masasakyan, sa kahabaan ng mga koridor ng transportasyon, at sa mga pasilidad ng multi-unit na tirahan sa buong Bay Area. Available ang pagpopondo para sa mga pamahalaan, negosyo, at non-profit.

“Kasabay ng pagsusulong ng Bay Area na madagdagan ang mga gumagamit ng sasakyang de-kuryente, dapat tayong gumawa ng mga hakbang para matiyak na hindi mapag-iwanan ang mga komunidad at residente na nasa frontline, na siyang pinakaapektado ng polusyon sa hangin,” saad ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Sa pamamagitan ng mga investment na ito sa *Charge!*, maitatayo natin ang imprastruktura na susuporta sa paggamit ng sasakyang de-kuryente sa lahat ng komunidad ng Bay Area.”

Para masuportahan ang mga layunin sa pagkakapantay-pantay ng Air District, na-update ang programang *Charge!* para dagdagan ang mga investment sa mga multi-family na gusali sa mga komunidad na napapailalim sa AB 617. Bumubuo ang AB 617 ng mga naka-target na pagpopondo para sa incentive, nang sa gayon ay makapagpatupad ng mas malilinis na teknolohiya. Nakatuon ang mga pagsisikap ng estado sa pagpigil sa pagbabago ng klima, at kinikilala ng mga itong bagama't malaki na ang iginanda ng kalidad ng hangin sa California, hindi lahat ng komunidad ay patas na nakinabang dito. Ang ilang komunidad na malapit sa mga freeway, daungan, pabrika, o iba pang pinagmumulan ng matinding polusyon ay nangangailangan ng karagdagang pagtuon at mga resource para mabawasan ang mga antas ng pagkakalantad.

Naitaas na sa \$1 milyon ang minimum na nagkakwalipikang grant para sa bawat iminumungkahing proyekto, maliban para sa mga proyektong sino-sponsor ng pamahalaan at proyektong eksklusibo sa mga multi-unit na tirahan, na sa minimum na grant na \$10,000 kwalipikado. Bibigyang-prioridad ang mga iminumungkahing proyekto sa mga rehiyon na mas kaunti ang mga charger.

Para sa karagdagang impormasyon, at mga dokumento ng gabay sa programa at online na aplikasyon, bumisita sa www.baaqmd.gov/charge.

Nagmumula ang pondo para sa programang Charge! sa surcharge sa mga sasakyang de-motor na narehistro sa Bay Area na, mula noong 1991, ay sumuporta rin ng mga programa para sa mga sasakyan at imprastruktura para sa malinis na hangin, ride sharing, shuttle, at pasilidad para sa mga bisikleta.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)